NEW MUSLIM
ACADEMY

# Mga Aral Kay
## Propeta Muhammad (SAWS)
## Mula Sa Kasaysayan Ni
# Joseph (AS)



newmuslimph newmuslimph newmuslimph newmuslimacademy.ph

Ang kasaysayan ni Propeta ni Joseph (AS) ay puno ng mga aral at mga moralidad para sa mga nananampalataya. Ang kabanata ni Propeta Joseph (AS) sa Banal na Qur'an, #12, ay ipinahayag sa panahon ng Makkah sa pamumuno ni Propeta Muhammad (SAWS) sa panahon ng malaking pagsubok sa mga naunang pamayanan ng mga Muslim. Tulad nito, ang kabanatang ito ng Qur'an ay naglalaman ng maraming mga aral para kay Propeta Muhammad (SAWS) at sa kanyang mga tagasunod. Titingnan natin ang ilan sa mga aral na ito dito.

# Ang mga Pagsubok ng Pamilya at Tribo

Kailangang paglabanan ni Propeta Joseph (AS) ang inggit ng kanyang mga kapatid at ang isang masamang tunggalian ng magkapatid. Humantong ito sa antas ng pag-aawayan ng magkakapatid at ang pagtatangka na alisin sa kanilang landas si Propeta Joseph (AS). Ang kanilang mga ugali ay malupit, sa anumang pamantayan, sa kanilang sariling kadugo at kamag-anak. Si Propeta Muhammad (SAWS) ay nagdusa rin mula sa ilan niyang malapit na miyembro ng pamilya at tribo. Nang si Propeta Muhammad (SAWS) ay unang ipinangaral ang Islam sa publiko, ang kanyang sariling tiyuhin, na si Abu Lahab ay naging isa sa kanyang pinakamahigpit na kaaway.

Si Propeta Muhammad (SAWS) at ang kanyang mga tagasunod ay humarap sa lahat ng uri ng pagmamalupit at pang-aapi mula sa kanilang mga pamilya, mga kamag-anak, at mga ka-tribo. Ang ilan sa mga Muslim ay pinatay at pinahirapan, ang iba ay nahiwalay mula sa kanilang mga asawa at mga anak, at ang iba ay nalugi o naghirap nang ang kanilang mga kayamanan ay kinumpiska. Sa kabuuan ng lahat ng ito, sila ay nanatiling matatag sa pananampalataya at tiniis ang kalupitang ito na may pagtitiis, at pagtitiwala sa Allah, tulad ng dating ginawa ni Propeta Joseph (AS).



# Ang Pagpapatalsik at Pagpapatapon

Ang mga kapatid ni Propeta Joseph (AS) ay desisyon na ang kanilang pinakamahusay na paraan na pagkilos ay ang itapon siya sa isang balon, kung saan dadamputin siya ng isang karawahe ng mga manlalakbay at dadalhin sa isang malayong lupain. Si Propeta Muhammad (SAWS) at ang kanyang mga tagasunod ay napilitan ding umalis sa kanilang sariling bayan at ipatapon. Ang antas ng mga pagpapahirap at pang-aapi ay naging mas matindi. Kaya si Propeta Muhammad (SAWS) ay nagdesisyon na ang mga Muslim ay dapat umalis upang maisagawa ang kanilang relihiyon.



# Mga Pagsubok at Paghihirap

Ang mga pagsubok na kinaharap ni Propeta Joseph (AS) ay hindi nagtapos nang iwan siya ng kanyang mga kapatid sa balon. Kung mayroon man, ito ay nadagdagan. Si Propeta Joseph (AS) ay ipinagbili upang maging alipin, tinukso na magkasala ng asawa ng kanyang amo at nakulong sa loob ng maraming taon. Sa kabuuan ng mga pagsubok na ito at mga paghihirap, ang katatagan ni Propeta Joseph (AS) at pagtitiwala sa Allah ay nakatulong sa kanya upang malagpasan ang mga pagsubok na ito. Ito ay makikita sa katapusan ng kanyang kasaysayan, pinuri ni Propeta Joseph (AS) ang Allah para sa lahat ng Kanyang mga biyaya.

Si Propeta Muhammad (SAWS) ay humarap din sa maraming mga pagsubok at kahirapan. Nawala ang kanyang unang asawa at ang pangangalaga ng kanyang tiyuhin na si Abu Talib. Nakita niyang pinatay ang marami sa kanyang mga malapit na tagasunod. Siya ay nakaligtas sa maraming pagtatangka ng mga tao na sinusubukan siyang pinsalain at patayin. Si Propeta Muhammad (SAWS) ay dumanas din ng mga pagsubok na ito na may katatagan at tulong ng Allah.

Tulad ni Propeta Joseph (AS) na muling nakasama ang kanyang pamilya at nakita ang tagumpay sa taon ng kanyang pamumuno, si Propeta Muhammad (SAWS) ay nakita rin ito.

*Tulad ni Propeta Joseph (AS) na muling nakasama ang kanyang pamilya at nakita ang tagumpay sa taon ng kanyang pamumuno, si Propeta Muhammad (SAWS) ay nakita rin ito.*

# Mula sa Lakas para sa Lakas

Nakakuha ng tulong si Propeta Joseph (AS) mula sa pinaka hindi inaasahang tao at sa pinaka hindi inaasahang paraan. Ang isa sa kanyang kasamahan sa kulungan ay naging tagapaglingkod ng hari, at sa panahon ng pangangailangan ng hari, aynaalala niya ang kaalaman at karunungan ni Propeta Joseph (AS). Inirekomenda niya si Propeta Joseph (AS ) sa hari. Sa paraang ito, ay ipinahayag na inosente si Propeta Joseph (AS), siya ay nakalabas ng kulungan, at itinalaga sa isa sa pinakamataas na posisyon sa lupain.

Si Propeta Muhammad (SAWS) at ang kanyang mga tagasunod ay nilisan ang Makkah naghanap ng kanlungan sa ibang lugar. Sila ay umalis na may kaunting yaman at ang karamihan sa kanila, ay natakot sa kanilang buhay at kalusugan. Madina ang kanilang magiging tahanan. Gayunman ito ay hindi isang palatandaan ng pagiging mahina, sa halip ito ay naging tanda ng kanilang lakas.

Ang mga tagasunod na taga Madina ay palalakasin ang kanilang dayuhang mga kapatid, at sama-sama nilang bubuuin ang unang kabisera at pamahalaan ng mga Muslim. Sila ay magiging puwersa na dapat isaalang-alang, at mula sa Madina, ay kanilang sasakupin ang natitirang bahagi ng Arabya at ipapalaganap ang Islam sa mundo.



# Ang Isang Matagumpay na Pagbabalik

Nakipagkasundo si Propeta Joseph (AS) sa kanyang mga kapatid at muling nakasama ang kanyang ama at pamilya pagkalipas ang maraming taong pagkakawalay. Ang mahabang daan at landas ng kahirapan ay lubhang nagdala ng tagumpay sa mga mananampalataya na nanatiling matatag sa pananampalataya at pagsamba.

Ang kasaysayan ni Propeta Joseph (AS) ay nagtatapos sa pagkakaroon niya ng kaalaman na ipinagkaloob sa kanya ng Allah, hawak ang posisyon ng makapangyarihan, at muling kapiling ang kanyang pamilya.





Si Propeta Muhammad (SAWS) ay gumugol ng 13 taon sa Makkah, at gumugol ng 10 taon sa Madina bago siya pumanaw. Ang walong taong pamamalagi niya sa Madina, ang mga Muslim ay tagumpay na babalik sa Makkah, ang lungsod na dating nagpatapon sa kanila ng nakaraang mga taon. Si Propeta Muhammad (SAWS) ay babalik para sakupin ang lungsod na iyon, ang mga naninirahan dito ay magiging mga Muslim, at ito ay magiging lugar ng pagsamba sa Allah sa pamamaitan ng peregrinasyon (paglalakbay sa banal na lugar), tulad ng panahon ni Propeta Abraham (AS).

*Ang mga pagkakatulad na ito sa kasaysayan ng mga Sugo na si Joseph at Muhammad (SAWS), ay nagpapakita sa atin kung paano tinutulungan ng Allah ang mga nananatiling matatag sa kanilang paniniwala sa Allah, pagsamba sa Kanya kahit na sa panahon ng kahirapan, magtiwala sa Kanya at sa Kanyang mga pangako, at gawin ang mga makalulugod sa Kanya.*

newmuslimph

newmuslimph

newmuslimph

newmuslimacademy.ph